Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 15 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 341-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 130-T'2000 /KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 04-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA NAGPAPATIBAY NG KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWAMPU'T APAT NA LIBO LIMANDAAN WALUMPU'T ANIM NA PISO (P24,586.00) MULA SA LOCAL GOVERNMENT SERVICE EQUALIZATION FUND UPANG ILAAN SA PAGSASAAYOS NG PASILIDAD NG BARANGAY HALL AT KARAGDAGANG PONDO PARA SA PAGPAPAGAWA NG SPOT MAP NG NASABING BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 130-T'2000/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 04-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na naglalayong pagtibayin ang karagdagang badyet ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T,* ang naturang kapasiyahan / kautusan ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Ariel T. Magcalas at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 130-T'2000/Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 04-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na nagpapatibay ng karagdagang Badyet ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P24,586.00 mula sa Local Government Service Equalization Fund upang ilaan sa pagsasaayos ng pasilidad ng Barangay Hall at karagdagang pondo para sa pagpapagawa ng Spor Map ng nasabing barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Barangay Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan